## DAHIL SA CLEARING OPERATIONS

# Maaapektuhang vendors sa QC bibigyang trabaho ni Mayor Joy B

Bibigyan ng trabaho ni Quezon City Mayor Joy Belmonte ang mga vendor na apektado sa ginagawang clearing operation sa lungsod.

Tiniyak ni Belmonte na hindi niya pababayaan na mawawalan ng trabaho ang mga vendor lalo pa't ito ang kanilang ikinabubuhay.

Ayon kay Belmonte, sasagutin ng QC Government pansamatala ang upa ng mga palengke na pagmamay- ari ng QC Government upang hindi mawalan ng trabaho ang mga vendor na apektado sa kanilang gagawing paglilinis.

Ayon kay Belmonte, kung ang mga apektadong vendor ay bihasa sa construction works ay maaari niya itong irekomendang trabahador sa MRT 7 na ginagawa sa QC.

Maaari rin anyang makatulong ang mga ito sa pag-asiste sa clearing operations na ginagawa sa mga lansangan sa lungsod at sa daloy ng trapiko para hindi mahinto ang pagkukunan ng kita para sa pamilya.

Mula noong Lunes nang simulan ng DILG ang hamon na 60 days clearing ng mga LGUs sa mga nakakasagabal sa kalsada, marami ng vendors ang nawalis sa kalsada lalo na sa may mga palengke partikukar sa Balintawak Market. *(Angie dela Cruz)*